



Kabanata 16: Edukasyon

Ang sistema ng edukasyon sa Hong Kong

Ang sumusunod ay isang pangkalahatang pagpapakilala sa sistema. Kung ang pinaka-una ninyong interes ay ang makapag-aral sa Hong Kong ang mga anak na hindi nagsasalita ng Chinese, mangyaring tingnan ang seksyon sa ibaba na *Edukasyon at mga serbisyong suporta para sa mga bata na hindi nagsasalita ng Chinese*.

Mga kindergarten

Lahat ng kindergarten ay pribadong pinapatakbo. Simula sa taon ng pagpasok 2017/18, ipinatupad na ng Pamahalaan ang bagong Kindergarten (KG) scheme (Scheme) na naglalayong makapagbigay ng edukasyong KG na may magandang kalidad at talagang abot-kaya, at palawakin ang akses ng mga mag-aaral sa iba't ibang pamamaraan ng mga serbisyo na angkop sa kanilang mga tukoy na pangangailangan. Sa ilalim ng Scheme, ang pagpasok ng mag-aaral na KG ay magpapatuloy na magiging nasa diskresyon ng mga indibidwal na KG. Gayunpaman, ang mga KG ay inaatasang magtiyak ng patas na oportunidad sa pagtanggap ng lahat ng bata maging anupaman ang kanilang lahi, kasarian at kakayahan. Sa pagsasaaalang-alang ng mga kasalukuyang umiiral na nagkakaiba-ibang pamamaraan ng pagpapatakbo ng mga KG, katalinuhan ang magtanong-tanong muna bago pumili.

Edukasyong primarya

Ang pag-aaral sa primarya ay nagsisimula sa edad na humigit-kumulang 6. Mayroong tatlong mode ng operasyon, ito ay umaga (AM), hapon (PM) at maghapon. Ang lahat ng batang kwalipikado ay, sa pahanon ng pag-a-apply, pinaglaanan ng puwesto sa isang Primary 1 na lugar sa mga pampamahalaan at tinutulungang paaralang primarya sa pamamagitan ng Primary One Admission System. Chinese ang wikang ginagamit sa pagtuturo sa karamihan ng paaralan at nagtuturo ng English bilang ikalawang wika.

Edukasyong sekondarya

Kapag nakumpleto na ang edukasyong primarya, ang mga mag-aaral ay, sa pahanon ng pag-a-apply, pinaglalaanan ng puwesto sa may subsidiya na Secondary 1 (S1) sa mga pampamahalaan at tinutulungang paaralan sa pamamagitan ng Secondary School Places Allocation System.

Ang senior secondary curriculum ay ipinapatupad na simula pa noong Setyembre 2009 sa Secondary 4. Lahat ng estudyante ay maaari na ngayong makinabang sa 6 na taong pag-aaral sa sekondarya (ibig sabihin, 3 taon ng junior secondary at 3 taon ng senior secondary education) at kukuha lang ng isang pampublikong pagsusulit sa dulo ng Secondary 6 - ang Pagsusulit para sa Hong Kong Diploma of Secondary Education (HKDSE).

Mga paaralang International

Sa kabuuan ay may 53 paaralang international, sa Hong Kong. Ang mga paaralang ito ay bumubuo ng isang mahalagang bahagi ng katayuan ng Hong Kong bilang isang pandaigdigang sentro ng negosyo at isang masiglang modernong lungsod. Nagbibigay ang mga iyon ng iba't ibang hindi lokal na kurikulum, kabilang ang mula sa United Kingdom, United States, Australia, Canada, France, Germany, Japan, South Korea, Singapore at iba pa tulad ng mga programang International Baccalaureate. Ang kanilang mga mag-aaral ay hindi karaniwang kumukuha ng mga lokal na eksaminasyon.

Pantanging edukasyon

Noong taon ng pagpasok 2017/18, may 61 tinutulungang pantanging edukasyon na nagbibigay ng mga serbisyong edukasyon sa mga bata na may problema ang paningin, pandinig, may pisikal na kapansanan, may kahirapang emosyonal at sa pag-uugali, at may kapansanang intelektwal, pati na ang mga na-ospital na mag-aaral. Sa mga ordinaryong paaralang primarya at sekondarya naman ng pampublikong sektor, ang mga karagdagang mapagkukunan dagdag pa sa regular na pagkakaloob ng pera ng pamahalaan, propesyunal na suporta at pagsasanay ng guro ay ipinagkakaloob upang matulungan silang makapag-asikaso ng mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangang pang-edukasyon. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pantanging edukasyon ay makikita sa webpage ng Education Bureau (EDB) sa <http://www.edb.gov.hk/en/about-edb/policy/special/index.html>

Higit pa sa mga eskuwelahan

Mas mataas na edukasyon

Ang Hong Kong ay may 20 institusyon ng mataas na edukasyon na nagbibigay ng titulo, walo sa mga ito ang pinopondohan sa pamamagitan ng University Grants Committee (UGC), ang isa ay pinopondohan ng pampubliko pamahalaan at ang siyam na natitira ay may sariling pagpopondo.

Para sa mga katanungan para sa mataas na edukasyon, ang kaugnay na mga impormasyon ay nakaayos sa ibaba-

Mga Institusyong pinondohan ng UGC		
City University of Hong Kong	Tat Chee Avenue Kowloon Tong, Kowloon	3442-7654
Hong Kong Baptist University	Kowloon Tong, Kowloon	3411-7400
Lingnan University	8 Castle Peak Road Tuen Mun, NT	2616-8888
The Chinese University of Hong Kong	Sha Tin, NT	3943-3700 3943-6000
The Education University of Hong Kong	10 Lo Ping Road Tai Po, NT	2948-8888
The Hong Kong Polytechnic University	Hung Hom, Kowloon	2766-5111
The Hong Kong University of Science and Technology	Clear Water Bay, Kowloon	2358-8888
The University of Hong Kong	Pokfulam, Hong Kong	2859-2111
Institusyong Pinondohan ng Pampublikong Pamahalaan		
Hong Kong Academy for Performing Arts	1 Gloucester Road Wan Chai, Hong Kong	2584-8500

Mga Institusyong May Sariling Pondo		
Caritas Institute of Higher Education	18 Chui Ling Road Tseung Kwan O, NT	3653-6600
Centennial College	3 Wah Lam Path, Pokfulam, Hong Kong	3762-6200
Chu Hai College of Higher Education	Yi Lok Street, Riviera Gardens Tsuen Wan, NT	2408-9928
Gratia Christian College	5 Wai Chi Street, Shek Kip Mei Kowloon, HKSAR	2242-2826
Hang Seng Management College	Hang Shin Link, Siu Lek Yuen Sha Tin, NT	3963-5555
HKCT Institute of Higher Education	2 On Shing Street, Ma On Shan Sha Tin, New Territories	2265-6993
Hong Kong Nang Yan College of Higher Education	325-329, Lai Chi Kok Road Shamshuipo, Kowloon	3996 1000 / 3996 1001
Hong Kong Shue Yan University	10 Wai Tsui Crescent Braemar Hill, North Point Hong Kong	2570-7110
The Open University of Hong Kong	30 Good Shepherd Street Homantin, Kowloon	2768-6205 / 2768-6656
Tung Wah College	No. 31 Wylie Road Homantin, Kowloon, Hong Kong	3190-6673
Technological and Higher Education Institute of Hong Kong, Vocational Training Council	(Tsing Yi Campus) 20A Tsing Yi Road, Tsing Yi Island, NT (Chai Wan Campus) 133 Shing Tai Road, Chai Wan, HK	2176-1456
University Grants Committee Secretariat	7/F, Shui On Centre 6-8 Harbour Road Wan Chai, Hong Kong	2524-3987

Edukasyon para sa mga adulto

Ipinapatupad ng EDB ang Financial Assistance Scheme for Designated Evening Adult Education Courses (FAEAEC) upang maglaan ng pinansyal na tulong sa mga adultong nag-aaral na edad 17 pataas na pumapasok sa mga panggabing kurso sa sekondarya sa itinalagang mga centre.

Programa na Yi Jin Diploma

Ang Yi Jin Diploma ay naglalaan ng alternatibong paraan para sa mga hindi nagpatuloy sa pag-aaral sa secondary 6 gayundin ang mga adultong nag-aaral na edad 21 pataas upang magkaroon ng pormal na kwalipikasyon para makakuha ng trabaho at higit pang pag-aaral.

Edukasyong bokasyunal at propesyunal at pagsasanay

Ang Vocational Training Council (VTC) ay nagkaloob ng isang malawak na hanay ng edukasyong bokasyunal at propesyunal at mga programang pagsasanay sa pamamagitan ng mga institusyong miyembro nito. Lahat ng aplikante, maging anupaman ang kanilang lahi o etnikong pinagmulan, na makakatugon sa mga iniaatas upang makapasok, ay isasaalang-alang. Ang VTC ay pangunahing gumagamit ng English bilang midyum sa pagtuturo, na sinusuplementuhan ng Chinese kung kailangan, para sa mga programa nito sa post-secondary 6 o pataas na antas. Kung saan ang isang programa ay nag-aatas ng kwalipikasyong Wikang Chinese upang makapasok sa HKDSE, ang mga alternatibong kwalipikasyong Wikang Chinese tulad ng HKDSE Applied Learning Chinese (para sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng wikang Chinese) at ang GCE/GCSE/IGCSE Chinese Language ay isasaalang-alang para sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng wikang Chinese (NCS). Kung gayun, ang mga mag-aaral na NCS ay maaaring magpatala ayon sa kanilang kagustuhan. Ang mga detalyadong impormasyon, kabilang ang midyum sa pagtuturo, para sa edukasyong bokasyunal at propesyunal at mga programang pagsasanay na angkop para sa mga nagtapos mula sa sekondaryang paaralan ay makukuha sa website ng VTC sa: www.vtc.edu.hk under VTC Programmes.

Tulong pinansiyal para sa nangangailangang mga mag-aaral

Patakarang Pamahalaan sa pagpipinansiya ng mag-aaral na tiyakin na walang mag-aaral na tatanggihan ng akses sa edukasyon dahil sa kawalan ng mapagkukunan. Bilang suporta sa patakarang ito, ang Student Finance

Office (SFO) ng Working Family and Student Financial Assistance Agency ay nangangasiwa ng mga sumusunod na scheme na tulong pinansiyal para sa mga mag-aaral mula sa bago mag-primarya hanggang sa pagkatapos ng mga sekondaryang antas:

Kindergarten at Child Care Centre Fee Remission Scheme (KCFRS)

- Ang KCFRS ay nagbibigay sa mahihirap na mga pamilya ng tulong pinansiyal sa anyong remisyon ng ibinayad para sa kanilang mga anak na pumapasok sa nursery, sa mga mababa at mataas na paaralan sa mga lokal na kindergarten na hindi naglalayong kumita sa ilalim ng bagong scheme ng edukasyong kindergarten at/o sa mga batang tumatanggap ng buong araw na mga serbisyong pag-aalaga sa bata sa mga sentro sa pag-aalaga ng bata.

Gawad para sa mga Gastos na Kaugnay ng Pagpasok sa Paaralan para sa mga Mag-aaral sa Kindergarten (Grant-KG)

- Ang Grant-KG ay nagbibigay ng karagdagang gawad sa mga nangangailangang mag-aaral sa kindergarten na makakatugon sa katulad na kriterya sa ilalim ng KCFRS upang bayaran ang mga gastos na may kaugnayan sa pagpasok sa paaralan na gagastusin para sa edukasyong kindergarten ng mag-aaral.

School Textbook Assistance Scheme (STAS)

- Ang STAS ay nagbibigay ng tulong sa nangangailangang Primary 1 hanggang Senior Secondary 3 / Secondary 6 na mga mag-aaral sa mga paaralan ng pamahalaan, tinutulungang paaralan, per caput na binibigyang-gawad na paaralan at mga lokal na paaralan sa ilalim ng Direct Subsidy Scheme upang masakop ang mga gastos sa mahahalagang aklat at samu't saring mga gastos na may kaugnayan sa pagpasok sa paaralan.

Student Travel Subsidy Scheme (STSS)

- Ang STSS ay nagbibigay ng subsidiyang para sa pagbibiyahe sa nangangailangang mga mag-aaral na pumapasok sa pormal na primarya o sekondaryang edukasyon o pumapasok sa isang full-time na kursong pang-araw hanggang sa antas na unang degree sa isang katanggap-tanggap na institusyon, ang tirahan ay lampas pa sa sampung minutong paglalakad mula sa paaralan at bumibiyahe patungo sa paaralan sa pamamagitan ng pampublikong sasakyan.

Subsidy Scheme for Internet Access Charges (SIA)

- Ang SIA ay nagbibigay ng mga subsidiya sa nangangailangang mga

pamilya na ang mga anak ay mga full-time na mag-aaral na tumatanggap ng edukasyong nasa primarya at sekondaryang antas, o mga full-time na mag-aaral na nagsusumikap upang makapagtapos sa mga programang Diploma Yi Jin (DYJ) o mga katulad na kurso ng Vocational Training Council upang matugunan ang mga singil sa pag-akses sa internet para sa e-learning sa tahanan para sa kanilang mga anak. Ang mga subsidiya ay iginagawad sa batayang pang-sambahayan. Ang mga karapat-dapat na pamilya ay tatanggap ng isang flat rate na cash na gawad, maging anupaman ang bilang ng mga bata sa pamilya.

Tertiary Student Finance Scheme — Publicly-funded Programmes (TSFS)

- Ang TSFS ay nagbibigay ng mga gawad at/o nagpapautang sa mga mag-aaral na nagsusumikap makapagtapos sa mga kinikilalang University Grants Committee-pinopondohan o mga pampublikong programa sa antas na pagkatapos ng sekondarya. Ang mga karapat-dapat na mag-aaral na nakapasa sa test kaugnay ng kita at ari-arian ay binibigyan ng mga gawad upang masakop ang kanilang mga matrikula at pang-akademikang gastos, at mga pautang na may mababang interes upang matugunan ang kanilang mga gastos sa pamumuhay.

Financial Assistance Scheme for Post-secondary Students (FASP)

- Ang FASP ay nagbibigay ng tulong sa mga mag-aaral na nagsusumikap na makapagtapos sa mga full-time na locally-accredited self-financing post-secondary na mga programa sa sub-degree (iyon ay, associate degree o mas mataas na diploma) o antas na may degree. Katulad ng TSFS, ang mga pumasa sa test sa kita at test sa ari-arian ay bibigyan ng mga gawad at pauutangin upang matugunan ang kanilang mga matrikula, mga pang-akademikang gastos at mga gastos sa pamumuhay.

Non-means-tested Loan Scheme for Full-time Tertiary Students (NLSFT), Non-means-tested Loan Scheme for Post-secondary Students (NLSPS) at Extended Non-means-tested Loan Scheme(ENLS)

- Ang mga mag-aaral na nasa post-secondary na hindi gustong dumaan o hindi nakapasa sa means test sa ilalim ng TSFS o FASP ay maaaring mag-apply sa mga utang na non-means-tested sa ilalim ng NLSFT o ng NLSPS sa naturang pagkakasunud-sunod upang masakop ang kanilang mga matrikula. Sa ENLS naman, ang scheme ay nagpapautang sa mga karapat-dapat na mag-aaral na nagsusumikap na makapagtapos sa mga tukoy na programang post-secondary / nagpapatuloy at pang-propesyunal na edukasyon sa Hong Kong upang matugunan ang mga matrikula.

Pagbabalik ng matrikula sa ilalim ng Programang DYJ

- Ang Programang DYJ ay nagbibigay ng tulong pinansiyal sa anyong pagbabalik ng matrikula sa mga karapat-dapat na mag-aaral na nagsusumikap na makapagtapos sa DYJ sa batayang full-time o part-time. Ang mga karapat-dapat na mag-aaral ay maaaring mabalikan ng 30% o 100% ng binayang matrikula kung sila ay nakapasa sa means test.

Financial Assistance Scheme for Designated Evening Adult Education Courses (FAEAEC)

- Ang FAEAEC ay nagbibigay ng tulong pinansiyal sa anyong pagbabalik ng matrikula sa mga karapat-dapat na mag-aaral. Ang mga karapat-dapat na mag-aaral ay maaaring mabalikan ng 50% o 100% ng binayang matrikula kung pumasa sila sa means test.

Mga Polyeto ng Impormasyon sa mga Wikang EM

Isinaling wika na ng SFO ang polyeto ng impormasyon tungkol sa iba't ibang mga scheme na tulong pinansiyal, ipinakilala ang mga detalye ng scheme, ang kriterya upang maging karapat-dapat at ang mga pamamaraan ng aplikasyon, para sa mga mag-aaral mula pre-primary hanggang sa sekondaryan na antas sa pitong wika ng etnikong minority (EM), na; Hindi, Bahasa Indonesia, Nepali, Tagalog, Thai, Urdu at Punjabi (Indian). Dagdag pa rito, ang isang halimbawa ng form ng aplikasyon para sa sambahayan na may mga nakasulat na paliwanag (sampil ng form) na nagbibigay ng gabay ukol sa pagkukumpleto ng form ng aplikasyon para sa sambahayan para sa mga scheme ukol sa tulong pinansiyal sa mag-aaral ay isinalin din sa pitong EM na wika. Ang mga nasa papel na kopya ng mga polyeto ng impormasyon at ang mga sampol na form ay makukuha sa SFO, sa mga kindergarten at sentro sa pangangalaga ng bata, sa mga primarya at sekondaryang paaralan, sa mga Regional Education Office ng Education Bureau, sa mga District Office ng Home Affairs Department, sa mga District Social Welfare Office ng Social Welfare Department, sa mga Maternal and Child Health Centre ng Department of Health pati na sa iba't ibang mga sentro ng serbisyong suporta para sa mga EM upang maipamahagi sa mga nangangailangang magulang na EM. Ang mga polyeto ng impormasyon at mga sampol ng form ay mada-download din mula sa website ng SFO sa (www.wfsfaa.gov.hk/sfo).

Makakapagtanong sa SFO sa **2802 2345**.

Edukasyon at mga serbisyong pangsuporta para sa mga batang hindi nagsasalita ng Chinese

Naninindigan ang Pamahalaan sa paghikayat at pagsuporta sa maagang integrasyon ng mga NCS na mag-aaral sa tamang tirahan sa Hong Kong patungo sa komunidad kabilang ang pagpapadali ng kanilang pakikibagay sa lokal na sistema ng edukasyon at pagkadalubhasa sa wikang Chinese. Dahil nga sa ang isinasaisip ay ang kaayusan ng mga mag-aaral na NCS, ang iba't ibang mga hakbang na suportang pang-edukasyon ay naisalugar na at pinag-isa na sa isang matatag na pamamaraan nitong mga nakaraang taon. Ang edukasyon at mga serbisyong suporta ay ibinibigay sa mga bagong-saltang NCS na mga bata upang matulungan sila na umakma sa sistema ng local na edukasyon at gayun din upang ang mga NCS na bata na nag-aaral sa mga paaralan ng pampublikong sektor (na tumutukoy sa mga paaralan ng pamahalaan, tinutulungan at mga caput na paaralan) at mga paaralang Direct Subsidy Scheme (DSS) upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan upang matuto.

Upang mapalawak ang naaabot ng edukasyon at ng mga serbisyong suporta sa mga mag-aaral na NCS at sa kanilang mga magulang, ang EDB ay naglathala na ng ilang mga polyeto ng impormasyon sa English, Chinese at sa anim pang wika ng etnikong minority (Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Tagalog, Thai at Urdu) at isang package ng impormasyon para sa magulang na may pamagat na “Non-Chinese Speaking Parent Information Package: Your Guide to Education in Hong Kong”, na binubuo ng isang gabay na aklat at isang kaugnay na DVD upang ipakilala ang lokal sa sistema ng paaralan, ang mga pangunahing patakaran kaugnay ng edukasyon at mga kaugnay na serbisyong pang-edukasyon na may mga bersyong nasa mga wika ng etnikong minority. Ang mga polyeto ng impormasyon at mga package ng impormasyon para sa magulang ay makikita sa website ng EDB sa www.edb.gov.hk/ncs.

Palagiang nagsasalugar ang EDB ng isang serye ng mga hakang na pang-suporta simula pa noong taon ng pagpasok 2006/07 upang mapabilis ang maagang pakikibagay ng mga mag-aaral na NCS sa lokal na sistema ng edukasyon at sa pagkadalubhasa sa wikang Chinese. Ang EDB ay, simula pa noong taon ng pagpasok 2014/15, naglaan na ng halos \$200 milyon kada taon upang maiangat ang suportang pang-edukasyon para sa mga mag-aaral na NCS na nag-aaral ng wikang Chinese sa pamamagitan ng, kasama ng iba pa, pagpapatupad ng “Chinese Language Curriculum Second Language Learning Framework” (“Learning Framework”) sa mga primarya at sekondaryang paaralan at sa paglikha ng isang kapaligirang kasama na ang lahat para sa

pagkatuto sa mga paaralan. Nilikha mula sa perspektibo ng mga natututo ng pangalawang wika, ang “Learning Framework” ay naglalayon na tulungan ang mga mag-aaral na NCS upang malampasan ang mga kahirapan sa pagkatuto ng Chinese na isinasalang-alang ang sila ay mabigyang kakayahan na umabot sa mga klaseng mainstream ng Wikang Chinese. Bukod pa rito, simula pa noong taon ng pagpasok 2014/15, ang Applied Learning Chinese (para sa mga mag-aaral na NCS) (ApL(C)) ay naipakilala na sa mga antas na senior secondary upang ang mga mag-aaral na NCS ay mabigyan ng karagdagang paraan upang makakuha ng isang alternatibong kinikilalang kwalipikasyon upang maihanda sila sa karagdagang pag-aaral at sa mga minimithing trabaho. Ang ApL(C) ay tinatanggap bilang isang alternatibong kwalipikasyon sa Wikang Chinese upang makapasok sa mga institusyong University Grants Committee-pinopondohan at sa karamihan ng mga institusyong para sa post-secondary, pati na ang magkaroon ng mga appointment sa mga makabuluhang ranggo ng serbisyong sibil. Nang magkatuwang, ang mga paaralang tumatanggap ng 10 o higit pang mga mag-aaral na NCS ay binigyan ng karagdagang pagpopondo upang mapadali ang kanilang pagpapatupad ng “Learning Framework” at ang paglikha ng isang kapaligiran ng pagkatuto na kasama na ang lahat sa mga paaralan. Ang mga paaralang tumatanggap ng mga karagdagang pagpopondo ay nagpatupad ng nagkakaiba-ibang intensibong pagsasanay at mga paraan ng pagtuturo tulad ng pull-out teaching, split-class/group learning, after-school consolidation, at iba pa, upang matulungan ang mga mag-aaral na NCS na matuto ng wikang Chinese sa sistematikong pamamaraan, matiyak na patas ang mga oportunidad upang sila ay matuto ng Chinese nang katulad ng sa kanilang mga kasamahang nagsasalita ng Chinese at palakasin ang komunikasyon sa mga magulang nga mga mag-aaral na NCS kung saan ang pagkatuto ng mga mag-aaral na NCS ng Chinese ay mas maayos na masusuportahan sa pamamagitan ng kooperasyong paaralan-tahanan. Ang mga kaugnay sa suportang propesyunal kabilang ang mga programa para sa propesyunal na paghusay ng mga guro sa pagtuturo ng Chinese bilang pangalawang wika ng mga guro ng Wikang Chinese, at pinalawig na mga proepsyunal na suportang nakabatay sa paaralan sa mga paaralang primarya at sekondarya pati na ang mga kindergarten na tumatanggap ng mga mag-aaral na NCS ay ibinibigay din sa mga paaralan.

Upang higit pang suportahan ang mga mag-aaral na NCS, partikular na yaong huli nang nagsimula sa pag-aaral ng Wikang Chinese, inatasan ng EDB ang tertiary na institusyon upang patakbuhin ang Chinese Language Learning Support Centre simula noong Abril 2007 upang magbigay sa kanila ng mga programa pansuporta pagkatapos ng oras ng eskuwela, sa mga dulong sanlinggo o tuwing bakasyon o walang pasok. Ang bilang ng mga pinagdarausan para

sa Centre ay tumaas mula 5 noong 2007/08 school year hanggang 19 noong 2017/18 school year. Maliban sa pagpapatakbo ng mga programang pansuporta, ang Centre ay tumulong nang bumuo ng mga may-kaugnayang pantulong sa pagtuturo at nag-organisa ng mga workshop para sa mga guro kung saan ang mga detalye ay matatagpuan sa website ng EDB.

Ang isang Summer Bridging Programme para sa mga mag-aaral na NCS, na naghahangad na mapadali ang pag-adapt ng NCS primary 1 sa setting ng silid-aralan na gumagamit ng Chinese ay sinimulang gamitin mula noong 2004. Pinalawak ito upang maisama ang mga mag-aaral na NCS na sumusulong sa Primary 2, 3 at 4 upang tulungan silang isama ang pag-aaral ng Chinese sa Key Stage 1 para mailipat sa Key Stage 2 simula noong 2007. Simula 2013, ang Programme ay pinalawak upang pahintulutan ang mga magulang ng mga kalahok na mag-aaral na NCS na sumali sa layuning mapadali ang mas epektibong pag-aaral ng Chinese na may suporta ng magulang at sa pamamagitan ng pagtutulungang tahanan at paaralan.

Simula noong 2008, ang mga institusyong pinondohan ng University Grants Committee ay nagbigay ng higit pang flexibility para sa pagtanggap ng alternatibong kwalipikasyon sa Wikang Chinese kabilang na ang mga nasa ilalim ng General Certificate of Secondary Education (GCSE), International General Certificate of Secondary Education (IGCSE) at General Certificate of Education (GCE) sa ilalim ng espesipikong kalagayan para sa aplikasyon sa ilalim ng Joint University Programmes Admissions System.

Ang mga karapat-dapat na kandidatong paaralang NCS ay nakasubsidiya para sa mga pagsusulit sa Chinese sa ilalim ng GCSE, IGCSE at GCE. Ang mga bayarin sa eksaminasyon ng mga naturang eksaminasyon ay magiging halos katulad ng sa Hong Kong Diploma of Secondary Education (Chinese Language) Examination. Dagdag pa rito, ang mga karapat-dapat na nangangailangang mag-aaral na NCS ay maari ring gawadan nang buo o balikan ng kalahati ng mga naka-subsidiyang bayarin sa eksaminasyon.

Serbisyo ng placement

Ang Pamahalaan ay nakatuon din sa pagbibigay ng siyam na taong walang bayad na pangkalahatang pangunahing edukasyon sa lahat ng kwalipikadong bata kabilang na ang mga batang hindi nagsasalita ng Chinese (NCS). Sa ilalim ng umiiral na patakaran, dapat pag-aralin ng mga magulang ang kanilang mga anak (edad 6-15) na may karapatan ng paninirahan sa Hong Kong. Simula

noong 2008/09 school year, ang libreng edukasyon ay pinalawak upang isama ang senior secondary education na ibinibigay ng mga pampublikong sektor na paaralang sekondarya.

Hinihimok ang mga batang NCS na mag-aral sa pampublikong sektor na paaralan upang makihalubilo sila sa komunidad nang mas maaga hangga't posible. Lahat ng pampublikong sektor na paaralan ay tumatanggap ng kwalipikadong mga bata na NCS. Ang mga batang may hawak ng isa sa sumusunod na mga dokumento ay kwalipikado sa puwesto para sa pampublikong sektor na paaralan -

(a) *Hong Kong Birth Certificate*

- (i) Para sa rehistro ng kapanganakan na epektibo sa o matapos ang Hulyo 1, 1987, dapat na nakasaad sa column 12 o 11 ng kanilang mga sertipiko ng kapanganakan ang kanilang Hong Kong permanent resident status bilang “Established”;
- (ii) Ang mga tao na ang kanilang Hong Kong believer status o Hong Kong permanent resident status ay ipinapakita bilang “Not established” sa sertipiko ng kapanganakan ay dapat na may Permit to Remain sa Hong Kong - ID 235B o valid na mga dokumento sa paglalakbay, na may isa sa mga endorso o landing slip kung naaangkop, na nakatala sa (c) ibaba.

(b) *Identity Card ng Hong Kong*

Ang isang Hong Kong identity card na ibinigay noong o pagkatapos ng Hunyo 23, 2003 na walang simbolo ng “C” (para sa may pasubaling pananatili o conditional stay) sa linya sa ibaba ng petsa ng kapanganakan ng may-ari. Kung may makikitang simbolong “C,” ang may-ari ay dapat na mayroong valid na dokumento sa paglalakbay na may isa sa mga endorso o landing slip kung naaangkop, na nakatala sa (c) ibaba.

(c) *Dokumento sa Paglalakbay*

Isang may-bisang dokumento sa paglalakbay na may isa sa sumusunod na mga endorso, o mga landing slip kung naaangkop:

- (i) “Holder’s eligibility for Hong Kong permanent identity card verified”;
- (ii) “The holder of this travel document has the right to land in Hong Kong (Section 2AAA, Immigration Ordinance Cap. 115, Laws of Hong Kong)”;
- (iii) “Kinansela ang dating mga kuodisyon sa pananatili”;
- (iv) Pinahihintulutang manatili nang walang kondisyon;
- (v) “Pinahihintulutang manatili hanggang (petsa*)”;

- (vi) “Pinahihintulutang manatili hanggang (petsa*) Hindi pinahihintulutan ang pagtatrabaho”;
- (vii) “Pahintulot na mag-extend hanggang (petsa*)”;
- (viii) “Pahintulot na mag-extend hanggang (petsa*) Hindi pinahihintulutan ang pagtatrabaho”;
- (ix) Quality Migrant Admission Scheme (Dependent) - Pahintulot na mag-extend hanggang (petsa*)”; o
- (x) “Admission Scheme for Mainland Talents and Professionals - Pahintulot na mag-extend hanggang (petsa*)”.

Mga remark: ang petsa na nagpapakita kung hanggang kailan ang limitasyon ng pananatili sa Hong Kong upang malaman kung valid pa ito sa panahon ng pagpasok sa paaralan.*

Maaaring direktang lumapit ang mga magulang sa mga paaralan na may mga bakante para sa admission, o maaari silang lumapit sa Regional Education Office para sa tulong sa paghahanap ng mga puwesto sa paaralan. Ang mga detalye para sa pakikipag-ugnayan ay ang sumusunod -

Hong Kong Regional Education Office 3/F, Cityplaza 3, 14 Taikoo Wan Road, Hong Kong	2863-4646
Kowloon Regional Education Office Podium-1/F, East Block, EDB Kowloon Tong Education Services Centre, 19 Suffolk Road, Kowloon Tong, Kowloon	3698-4108
New Territories West Regional Education Office 19/F, Chinachem Tsuen Wan Plaza 457 Castle Peak Road, NT	2437-7272
New Territories East Regional Education Office 22/F, Landmark North, 39 Lung Sum Ave Sheung Shui, NT	2639-4876

Maaaring makakuha ang mga magulang ng impormasyon sa iba’t ibang uri ng paaralan sa website ng Committee on Home-School Co-operation, sa www.chsc.hk/eng at mula sa mga website ng indibidwal na mga paaralan, na matatagpuan sa District School Lists (www.edb.gov.hk/en/student-parents/sch-info/sch-search/schlist-by-district/index.html).

Mga serbisyo pansuporta

Ang mga batang bagong dating (kabilang na ang mga bagong dating na batang NCS) ay maaaring pumili na mag-enrol sa Initiation Programme bago ang kanilang pagpasok sa mainstream na mga paaralan. Para sa mga batang bagong dating na piniling mag-aral sa mainstream na mga paaralan direkta pagkadating nila, nag-iimbiba ang Education Bureau (EDB) ng mga non-government organization (NGO) na magsagawa ng Induction Programme para sa kanila. Karagdagan pa, naglalaan din ang EDB sa mga pampublikong sektor na mga paaralan at mga paaralang nasa ilalim ng Direct Subsidy Scheme (DSS) na tumatanggap sa mga estudyante ng School-based Paaralan Support Scheme Grant para magsagawa ng mga nakabase sa paaralan na pansuportang programa para sa kanila. Ang mga detalye ng tatlong uri ng mga serbisyong pansuporta ay tulad ng sumusunod:

Initiation programme

Ang buong anim na buwang Initiation Programme ay isang programa na inilalaan bilang alternatibong paraan ng mga serbisyong pansuporta para sa mga batang kararating lang sa Hong Kong. Maaaring piliin ng mga bata na pumasok sa programang ito bago sila sumali sa mga paaralang mainstream. Ang layunin ng Programme ay upang maglaan sa kanila ng karanasan sa pag-aaral na katulad din sa lokal na silid-aralan, upang mapasulong ang kanilang antas sa English at Chinese at upang pagyamanin ang kanilang personal na pag-unlad at pag-akma sa lipunan. Ang EDB ay nagsusumikap na matulungan ang mga bata na makumpleto ang Programme sa mga angkop na primarya o sekundaryang paaralan.

Para sa mga katanungan: **2892 6190**

Induction programme

Ang Induction Programme ay isang part-time na 60-oras na programa na pinapatakbo ng mga NGO na may perang bigay ng Pamahalaan. Ang mga layunin ng Programme ay upang tulungan ang mga batang bagong dating upang masanay sa lokal na kapaligiran at sistema ng edukasyon. Kabilang sa mga nilalaman ng Programme na ito ang pag-aaral ng Chinese at English, personal na pag-unlad, pag-angkop sa lipunan at mga pangunahing kasanayan sa pag-aaral. Ang Programme ay isinasagawa tuwing araw o gabi ng mga araw ng sanlinggo, dulong sanlinggo o bakasyon, sa pagpapasya ng mga NGO at depende sa pangangailangan ng mga bata.

Ang mga bagong saltang batang NCS, na may edad na 6 hanggang 18, na pipiliing pumasok nang direkta sa mga paaralang mainstream ay makakapasok din sa programa nang libre.

Para sa mga katanungan: **2892 6190**

Mga Pagkakaloob ng School-Based Support Scheme (SBSS)

Ang EDB ay nagbibigay ng gawad na SBSS sa mga paaralan ng pampublikong sektor at sa mga paaralang DSS na tumatanggap ng mga bagong saltang batang NCS. Ang mga paaralan ay makakapag-akma sa paggamit ng mga gawad upang makapagbigay ng mga serbisyong suporta (halimbawa, karagdagang mga klase sa wika) upang matugunan ang mga panganagailangan ng mga bata sa pagkatuto at pakikibagay.

Mga katanungan

Makukuha ang impormasyon tungkol sa edukasyon at mga serbisyong pansuporta sa webpage ng EDB, www.edb.gov.hk/ncs, www.edb.gov.hk/nac-e at sa EDB Hotline (**2891-0088**).